

Mahal kong mga estudyante,

Magandang araw kabayan!

Ako'y naatasan na gumawa ng isang mensahe sa lengwaheng Filipino para sa mga Filipinong estudyanteng nais mag-aral dito sa Unibersidad ng Hiroshima sa ilalim ng kursong Pinag-halong Pag-aaral na Pan-daigdig (Integrated Global Studies). Napakalalim diba? Malalim na excitement rin ang mararamdaman mo pagkatapos mong basahin ang mensahe kong ito para sa inyo.

Ako nga pala si Mikael Kai, a first year, pioneer student of School of Integrated Arts and Sciences, Department of Integrated Global Studies (also known as IGS). Ang kursong ito ang pinaka-unang undergraduate program taught in English ng Hiroshima Univeristy. Ang aking tatay ay Filipino at ang aking nanay ay Haponesa. Pinili kong pumasok sa IGS dahil sa buong 18 taon ko, nag-aral ako sa Pilipinas, at naisip ko na oras na para mas kilalanin ko ang kalahati ng aking sarili. Mayroon akong tatlong rason kung bakit ko nirerekomenda ang IGS para sa inyo:

Unang Rason: Para maranasan mo ang “hindi pangkaraniwan” .

Maraming kakaiba sa kurso na ito. Sa first year, malaya kang pumili ng sarili mong mga subjects at ikaw ang gagawa ng sarili mong schedule. Kakaiba rin ang degree na makukuha mo since hindi siya Bachelor of Science o kaya Bachelor of Arts, kundi Bachelor of Arts and Sciences. Sa second year mo, pipili ka ng major sa tatlong fields, check mo na lang ang website for more information regarding the fields.

Kakaibang experience rin ang mag-aral sa panibagong bansa. Bagong kultura, bagong mga uri ng pagkain at bagong kasiyahan. Sigurado akong matututo kang mag-Japanese! Marami kang matututunan sa “hindi pangkaraniwan” .

Pangalawang Rason: Para maging global ang ‘yong pag-iisip (Global Minded).

Sa panahon ngayon, marami na tayong makikita at makikilalang iba ibang taong galing sa iba't ibang parte ng mundo. Dahil dito, kailangan natin tanggalin ang pag-iisip na etnosentrismo. Ang mga bagay na tama para sa atin ay maaring mali para sa ibang bansa. Sa mundo natin ngayon, kailangan natin maging maintindihin tungkol dito. Dito sa IGS, out of 44 students, mayroong 12 iba't ibang nationalities, at sigurado akong dadami pa ito sa susunod na mga taon. Kaya siguradong marami kang matututunan tungkol sa pinagka-iba iba ng mga bansa.

Pangatlong Rason: Samahan ninyo ako at ipakita ang galing ng mga Pinoy!

Ito ang pinakaimportante sa lahat, para sa akin lol. Sa ngayon, ako ang nag-iisang Filipino sa IGS. Gusto kong maranasan ninyo ang kaligayahan na nararanasan ko ngayon dito at samahan ako ipakita sa mundo ang galing ng pinoy. Namimiss ko na rin mag-tagalog, kaya kapatid, halika na!

Naniniwala ako na isa sa mga pinakamalaking desisyon na gagawin natin para sa ating kinabukasan ay ang pag-pili ng kurso sa Kolehiyo. Alam kong marami ka pang tanong tungkol sa kursong ito at handa naman akong tumulong.

Sa lahat ng mga estudyanteng binabasa ang aking mensahe, dito ka man mapadpad sa IGS o hindi, lagi mong tatandaan, ikaw at ako, tayo ang pag-asa ng bayan, pag-asa ng mundo!

Mikael Kai Geronimo